## Ang Tatlong Bubwit at ang Bangkang Marikit

May tatlong bubwit na gumising nang maagang-maagang-maaga. Wala pang araw sa aplaya.

"Hhahhhh," hikab ang panganay. "Heeehhh," inat ang pangalawa. "baahh," pungas ng bunso. Kay dilim-dilim. Kay lamig-lamig. Kay rikit-rikit ng mga bitwin sa langit.

Ihahatid nila ang kanilang bangkang magarang-magarang-magara. Mayroon itong dalawang kamagong na sagwan. Mayroon itong kawayang mataas na may bughaw na bughaw na layag. At higit sa lahat, mayroon itong tigatlong mahabang itim na sungot sa magkabilang pisngi.

"Magarang bangka, gusto kong sumama, ako naman ang pinakamalaki sa aming tatlo," sabi ng panganay na bubwit.

"Ako rin gusto kong sumama, katamtaman na ang laki ko," sabat ng ikalawa.

"Ako rin gusto kong sumama, dahil ako'y maliit," singit ng bunso.

"Sa ngayo'y hindi pa maaari," sabi ng magarang-magarang-magarang bangka, "pero kapag mahaba na ang inyong mga sungot pangako, kayo'y aking isasama. Kailangan mo ng sungot para madali mong makita ang daang pauwi."

Kaya't lumayag ang bangka nang nag-iisa, kaway sa kanan, kaway sa kaliwa ang ginawa ng mga bubwit na naiwan sa aplaya.

Sa gabi, muling nagbalik ang mga bubwit sa aplaya. Sila'y tuwang-tuwa dahil natatanaw nila ang bughaw na bughaw na layag na may na nakapatong na malaking bagay.

Tinanglawan ng bilog na buwan ang kay laking pasalubong ng bangkang magarang-magarang-magara na may bughaw na bughaw na layag, may itim na itim na kamagong na sagwan at may anim na malilikot na sungot sa harapan. May dala-dalang malaking-malaking kesong puti na sampung beses ang laki sa kanilang bangka.

"Hayan," sabi ng bangkang magarang-magarang-magara, "hindi na kayo magugutom kailanman!"

Nginata ng panganay na bubwit ang tuktok ng keso, kinagat ng ikalawang bubwit ang tagiliran ng keso at sinipsip ng bunsong bubwit ang ilalim ng keso.

Nakangiti ang buwan habang tinatanaw ang tatlong bubwit na nakasakay sa kanilang bangka pabalik sa kanilang tahanan sa aplaya. Nasa tuktok ng layag ang panganay, nakaupo sa sagwan ang ikalawang bubwit at tumutulay-tulay sa mga sungot ng bangkang magara ang bunsong bubwit. Nakatulog sila sa kanilang magarang-magarang-magarang bangka.

Kinaumagahan, may tatlong bubwit na gumising nang maagang-maaga upang ihatid ang kanilang bangka sa aplaya.

Kay dilim-dilim. Kay lamig-lamig. Kay liwanag ng buwan sa langit.

"Aba, naryan ka pala bulan," bati ng ngumangatang panganay na bubwit.

“Oo nga, ipipinta kita mamaya,” sabi ng tumatangong pangalawang bubwit.

“Bantayan mo ang aming bangka ha?” paalala ng bunsong bubwit.

Lumayag ang bangka nang nag-iisa, kandirit sa kanan, kandirit sa kaliwa ang ginawa ng mga bubwit na tumatanaw sa aplaya.

Sa gabi, muling nagbalik ang mga bubwit sa aplaya. Sila’y tuwang-tuwa dahil natatanaw nila ang bughaw na bughaw na layag ng kanilang bangka. Inilabas ng bangka ang bahay na pagkagara-gara! May apat na silid, may walong bintana, may malaking sala at may malaking kusina. Kumpleto na rin ang mga kama, upuan, mesa, tokador, kaldero, kutsara, tinidor, sangkalan at pinggan.

“Hayan, “ sabi ng bangkang magarang-magarang-magara, “mapapalitan na ang butas-butas nating lungga, hindi na kayo mababasa!”

Nakangiti ang buwan habang sila’y tinatanaw. Walang bubwit na natulog sa kani-kanilang silid. Nakatulog sa tuktok ng layag na bughaw na bughaw ang panganay. Nakatulog sa sagwang itim na itim ang ikalawang bubwit at ang bunso’y sa sungot naghilik.

Kinaumagahan, may tatlong bubwit na gumising nang maagang-maaga. Ihahatid nila ang kanilang bangkang magarang-magara. Kay rikit-rikit ng mga bitwin sa langit. Kay bilog-bilog ng buwan sa kalangitan.

“Magarang bangka, gusto naming sumama!” sabay-sabay na sabi ng tatlong bubwit.

"Sa ngayo'y hindi pa maaari, sabi ng Bangka, "pero kapag mahabang-mahaba na ang inyong mga sungot pangako, kayo'y aking isasama. Hintayin na lamang ninyo ang pagdami ng bituin sa langit, at ako ay muling magbabalik."

Sa gayo'y nagkasya na lamang sa pagkutkot ng kanilang baong keso ang tatlong bubwit habang tinatanaw ang kanilang magarang-magarang bangka.

At tama nga, nang muling dumami ang maririkit na bituin sa langit, natanaw na nila ang pagdating ng kanilang magarang bangka! Marami na naman itong pasalubong—may mga t-shirt, short, at palda, papel na kulay bughaw, puti, dilaw, lapis na pula, kahel, luntian, may gunting, may pandikit, aklat, sinulid, karayom, at bubblegum.

Sumakay sa kanilang bangka ang tatlong bubwit. Nginangata ng panganay na bubwit ang bubblegum, gumupit-gupit ng mga bulaklak ang ikalawa at idinikit-dikit sa mga papel na pula at itim. Binuklat-buklat ng bunsong bubwit ang aklat na mabigat habang tangan ang karayom at sinulid. Hanggang sila'y makatulog sa pagngata, paggupit, at pagbasa.

Kinaumagahan, may tatlong bubwit na gumising nang maagang-maaga. Pero hindi sila maghahatid ng kanilang bangka sa aplaya dahil papasok na sila sa eskuwela.

"Hhahhhh, mangangata ko kaya ang aking bubblegum sa eskuwela?" tanong ng panganay.

"Heeehhh, ako tiyak na magagamit ko ang aking mga papel, gunting at pandikit," paniniyak ng pangalawa.

“tsiiihhh, madadala ko na rin ang aking bagong aklat, karayom, sinulid.” Nakangiting sabi ng bunsong bubwit.

Isang araw na walang pasok, muling nagpunta ng aplaya ang tatlong bubwit upang ihatid ang kanilang bangka.  Talon sa kanan, talon sa kaliwa ang tatlong bubwit habang inihahatid ng tanaw ang kanilang bangka.

Kaaalis lang ng kanilang bangka, nang umihip ang hanging habagat at krrriiiiiiiikkk, napunit ang bughaw nitong layag.

“Naku, naku, tatapalan ko muna ng bubblegum ang layag!” sabi ng panganay at inakyat niya ang layag at tinapalan ng kanyang bublegum.

Pagbaba niya ng layag, naisip niya, ang hangin ang pumunit ng layag kaya’t kinausap niya ang kanyang mga kapatid.

“Kausapin natin ang hanging habagat!” sabi ng panganay kaya’t sabay-sabay nilang kinausap ang hangin.

“Hanging habagat, pakiusap, huwag ka munang umihip, nang aming layag ‘di mapunit!”

Nang subukan ng kanilang bangkang maglayag, walang hanging umihip.

Maraming nagreklamong mga bangka sa dagat!

“Labis na mainit!”

“Walang umiihip ng layag, kay bagal-bagal naming umusad!”

Kaya muling umihip ang hangin. Natanggal rin ang bublegum sa layag.

"Alam ko na! Baka ang kailangan nating gamitin ay pandikit!" Naisip ng pangalawang bubwit. Kayat kinuha ng pangalawang bubwit ang kanyang malagkit na pandikit sa kanyang mga papel na makulay. Mataas na ang araw nang siya'y matapos.

Nang maglalayag na ang kanilang bangka. Biglang pinigilan ng pangalawang bubwit ang bangka.

"Kung di maaaring tanggalin ang hangin, baka kailangan nating ang araw ay huwag pasikatin! Dahil kasi sa araw kung kaya't rumurupok ang layag."

Kayat gayon nga ang kanilang ginawa.

"Haring Araw, Haring Araw, kami'y inyong tulungan, ang inyong sikat, sandaling pigilan!"

Nang subukan ng kanilang bangkang maglayag, walang sumikat na araw. Marami ring nagreklamong mga bangka sa dagat.

"Kay dilim-dilim. Sobra-sobra ang lamig!"

"Di kami makaalis, dahil nagyelo ang tubig."

Kaya't ibinalik ng araw ang kanyang sinag. Natanggal rin ang pandikit sa layag.

Naisip ng bunsong bubwit na pakiusapan nila ang dagat na tanggalin ang kanyang alat. Dahil kasi sa asin ng tubig na tumatalsik kaya't madaling rumurupok ang layag pati na ang kahoy ng bangka.

“Mahal na Dagat, pakiusap, tanggalin ang iyong alat, nang layag nami’y di maluma at masira!” sabay-sabay na sambit ng mga bubwit.

Sabay-sabay ang reklamo ng mga bangka sa dagat.

“Lumulubog kami!”

“Pumasok na ang tubig sa loob!”

“Nakawala ang mga huling isda!”

Kaya’t ibinalik ng dagat ang kanyang alat.

Napansin ngayon ng bunsong bubwit na mahabang-mahaba ang punit ng layag. Hindi lamang iyon, nakita rin niya ang sagwang kamagong na may lamat. Lupaypay maging ang anim na sungot.  Dapat na sigurong sila’y magpulong.

Nag-usap-usap ang magkakapatid na bubwit.

Tumalilis ang bunso matapos nilang magpulong.  Dala na niya ang isang malaking timba nang magbalik!  Nagtulong-tulong sila sa paglagay ng sinulid sa karayom maging sa pagtahi ng layag ng kanilang bangka.  Inis-is at pinakinis nila ang sungot at sahig, maging ang mga singit, ang sagwan at layag. Nilagyan pa nila ng bulaklaking tagpi ang kanyang layag.

“Magaling ang naisip ninyo!” sigaw ng isang matandang bangka.

Naging bughaw na bughaw ang layag ng kanilang magarang bangka.  Naging makintab na itim ang sagwang kamagong, tumaas-baba muli ang sungot ng kanilang magarang bangka.

Muling lumayag ang bangka. Lima, sampu, dalawampung dipa na ang layo nito. Hanggang sa mawala na ito sa kanilang paningin.

Naroon pa rin ang matandang bangka. "Mabuti at siya'y nakalayag muli.  Ganyan kasi kapag nagkakaedad na ang bangka.  Marami nang nasisira."

"Gayon po ba?  Pero ang bangka po namin, hindi na masisira dahil pag-aaralan ko pong mabuti ang paggawa at pagkumpuni ng bangka."

"Tingnan mo ang tubig sa dagat, minsa'y kumakati at minsa'y lumalaki."  Hinaplos ng matandang bangka ang ulo ng bunsong bubwit.

Isang gabi, muli silang nagbalik sa aplaya. Naghintay sila nang naghintay sa kanilang magarang bangka.  Dumating ang mga bituin.  Dumating ang palabang buwan ngunit walang bangkang nagpakita.

Parang may nakataling bato sa paa ng tatlong bubwit nang sila'y umuwi nang walang bangkang kasama.  Lumuha ang buwan sa kanyang nakita. Humibi ang mga bitwing saksi.

"Bakit ganoon," tanong ng bubwit na naghihinanakit, "hindi ba't matibay na ang layag ng aming magarang bangka?"

“Bakit ganoon, hindi ba’t matibay na ang kanyang sagwang kamagong?”

“Bakit ganoon, hindi ba’t hindi pa mahahaba ang aming sungot?”

Inihatid ang tatlong humihikbing bubwit ng mga malalaking bangka sa kanilang tahanan.

Walang katabi ang tatlong bubwit sa kanilang kama.

Sa kaunting kalampag sa dilim ay balahibo nila’y nangagalisag.

Sa kaunting ingit ng pinto sila’y nagsisipagtago.

Sa kaunting alulong, sila’y ngumunguyngoy.

Napapailing ang nakatanaw na buwan sa kanilang bintana.

Lagi silang nagbabalik sa aplaya, tatlong bubwit na nakapangalumbaba, nangungulila.

Sa ikatlong gabi ng pagkawala ng kanilang Bangka, dinalaw sila nito sa kanilang panaginip. “Mga mahal na bubwit, halikayo sa aplaya. Ang nawala ay muli ninyong makikita, ang umalis ay muling magbabalik.”

Sabay-sabay na nagising ang tatlong bubwit. At mabilis silang tumakbo patungo sa aplaya. Tanaw sa kanan, tanaw sa kaliwa, sipat dito, sipat doon. Nasaan, nasaan ang nawawala at muling magpapakita? Napansin nila ang sinag ng buwan.

Sila'y napatingala. Sa kalawakan, nakita nila ang kanilang Bangkang magara na pagkarikit-rikit. Kasama niya ang makikintab na bituin at pinilakang buwan. Nakatanaw sa kanila at nakangiti.

Nagpaanod ng keso ang tatlong bubwit hanggang sa ito'y tangayin ng agos. Naniniwala sila na ang umalis ay muling nagbabalik.

Mahimbing na ang tulog ng tatlong bubwit kahit sa gabing pusikit dahil may bangka, buwan at mga bitwin sa kalawakan na sa kanila'y nagmamasid.

Kasama na ang kesong kanilang pabaon.